ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

PAGSUKAT SA AKADEMIKONG TAGUMPAY NG MGA MAG-AARAL SA FILIPINO MAJOR: ISANG DESKRIPTIBO KOMPARATIBONG PAG-AARAL

Maymay B. Masaloon[1], Jobell B. Jajalla, PhD[2]
[1]*Student Researcher, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Maniki, Kapalong, Philippines*
[2]*Research Adviser, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Maniki, Kapalong, Philippines*

ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong malaman ang akademikong pag-aaral ng mga mag-aaral sa mayoryang Filipino na nasa unang taon hanggang pang-apat na taon. Ang pangunahing instrument na ginamit sa pag-aaral na ito ay ang Academic Success Inventory for College Students Festa-Dreher (2012). Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng deskriptibong disenyo ng kwantitatibong pananaliksik dahil ito ay nagsasangkot lamang ng iisang baryabol upang matukoy ang pagsukat ng akademikong tagumpay ng mga mag-aaral sa mayoryang Filipino. Sa pamamagitan ng random sampling nagkaroon ng kabuoang bilang na 177 mag-aaral na nagsilbing respondante. Ang akademikong pag-aaral ng mga mag-aaral sa Mayoryang Filipino ay napag-alamang mataas. Samantalang walang nakitang makabuluhang pagkakaiba sa mga akademikong tagumpay ng mga mag-aaral sa mayoryang Filipino batay sa kanilang edad at antas ng taon. Ngunit nakitang mayroong makabuluhang pagkakaiba batay sa kanilang kasarian. Dahil ang resulta sa pag-aaral na ito ay nagpapakita na may mataas na antas ng akademikong tagumpay ng mag-aaral sa mayoryang Filipino, iminungkahi ng mananaliksik na mas palawakin pa ang kakayahan sa akademikong pag-aaral sapagkat malaki ang papel nito upang sila ay magiging aktibong makipagugnayan o makilahok hindi lang sa gawaing pampagkatuto kundi pati na rin sa lahat.
MGA SUSING SALITA: *Akademikong Tagumpay, Mga Mag-Aaral, Deskriptib, Kwantitatib, Philippines.*

Recommended Citation
Festa-Dreher, D., V. (2012). Academic Success Inventory for College Students: An Item Response Theory Analysis.https://diginole.lib.fsu.edu/islandora/object/fsu:182849

INTRODUKSYON

Ang akademikong pagganap ay ang kaalaman na nakuha sa pamamagitan ng patuloy na pagtatasa o pagsusulit, kung saan ang *Grade Point Average* (GPA) ay itinuturing na isang karaniwang sukatan dahil sa kaugnayan nito sa potensyal ng isang tao sa karera. Bagamat ang akademikong pagganap ay isang komplikadong konsepto na may malawak na implikasyon, mula sa personal na tagumpay hanggang sa pag-unlad ng bansa. Sumasaklaw ito sa pagkuha ng kaalaman, pagkamit ng mga layunin, at pagpapaunlad ng moral. Ang mataas na akademikong pagganap ay susi sa magandang trabaho, karera, at kalidad ng buhay, at mahalaga sa pang-ekonomiya at panlipunang pag-unlad ng isang bansa. Ang mga mag-aaral na nagtatagumpay ay nag-aambag sa paglago at pagpapanatili ng lipunan (Kumar et al., 2021).

Sa pag-aaral sa bansang Ethiopian natuklasan na ang mga mag-aaral ay mababa ang kanilang marka upang makamit ang tagumpay ng akademya. Ipinapahiwatig dito na ang pagbaba ng marka o sa akademikong pagganap ay dahil sa pagpanigarilyo ng mga mga-aaral sa kadahilanan na nawalan ng motibasyon o kakayahan sa pag-aaral. Ang pagpanigarilyo ay nauugnay na nabawasan ang posibilidad ng mataas na tagumpay sa akademiko sa mga mag-aaral na dahilan sa pagbaba ng kanilang edukasyon subalit ang pag-iwas sa sigarilyo ay malaking posibilidad na may mataas na marka at makamit ang tagumpay sa akademya. Isinagawa ang pag-aaral na ito "*Determinants of good academic performance among university students in Ethiopia*" at napag-alaman na nararapat na bigyan ng mataas na pagpapahalaga ang paniniwala ng mga mag-aaral sa kanilang sarili at mas bigyang pansin ng mga guro ang pagtuturo upang makamit ang tagumpay sa akademya at makuha ang motibasyon ng bawat mag-aaral. Mahalaga na suriin din ang dahilan sa kanilang pagpanigarilyo upang malaman ang mga posibilidad na karanasan ng bawat mag-aaral dahilan sa pagbaba ng kanilang akademya (Yeshaneh et al., 2022)

Sa bansang Pilipinas ang magkakapatong na kalikasan ng malikhaing pag-iisip sa hindi nagbibigay-malay. *Inter-* at *intrapersonal* na mga kasanayan. Bagaman at nananatiling hindi malinaw kung ang malikhaing pag-iisip ay nakakaimpluwensya sa panlipunan at emosyonal na kasanayan o kabaligtaran, ang mga dekada ng pananaliksik ay nagtatag ng matibay na ugnayan sa pagitan ng sosyal-emosyonal mga kasanayan sa pag-aaral, gawi ng pag-iisip, at malikhaing pag-iisip. Ang may malikhaing pag-iisip ay malaking ambag sa mga mag-aaral na hubugin ang kanilang kaalaman upang makuha ang tagumpay sa akademya (Khalil et al., 2019).

Sa pambansang antas, ang akademikong tagumpay sa mga Filipino medyor ay isang mahalagang isyu. Ang Pilipinas ay may iba't ibang larangan ng edukasyon, kung saan maraming mga pamantasan at kolehiyo ang nag-aalok ng iba't ibang mga major at programa. Gayunpaman, mayroong mga natatanging

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

hamon at salik na espesipiko sa konteksto ng Pilipinas, tulad ng limitadong mga mapagkukunan, mga pagkukulang sa kurikulum, at mga disparidad sa sosyo-ekonomiya. Mahalaga na tugunan ang mga pambansang pagsasalarawan ng suliranin na ito upang maitaguyod ang akademikong tagumpay sa mga Filipino medyor at magtaguy od ng isang mabisang kapaligiran sa pag-aaral (Alberto, 2018).

Samanlata, maykaugnay sa pag-aaral patungkol sa pagsukat ng akademikong tagumpay ng mga mag-aaral at wala pang pag-aaral na isinagawa sa lokal na kolehiyo ng Kapalong College of Agriculture Sciences and Technology (KCAST). Gayunpaman, ito ay nakatutok sa kasanayan at pagsukat sa akademikong tagumpay ng mga mag-aaral tulad na lamang ng pag-aaral ni (Guterman 2020) na Academic Success from Individual Perspective: A proposal for redefinition, gayundin sina Vachoba & Novotny (2020) na ang New Measure of Academic Achievement: Testing sa Reliability and Factor Structure of the Academic Achievement, at Cachia, et al,. (2018). Academic success: Is it just about the grades at wala pang pag-aaral na isinagawa sa Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology na tumututok sa kanilang kasanayan sa akademiko. Dahil dito, kinakailangang siyasatin ang kasanayan ng akademiko upang matugunan kung paano gagamitin ng mag-aaral ang kasanayan sa akademiko upang makamit ang akademikong tagumpay.

Ang pananaliksik na ito ay nagbigay panimula sa pag-aaral tungkol sa pag-aangkop ng akademikong tagumpay sa mga Filipino medyor. Ipinakikita nito ang rasyonal para sa pag-aaral, na naglalatag ng mga pandaigdig at pambansang pagsasalarawan ng suliranin, binibigyang-diin ang panlipunang kahalagahan nito, at nagtatakda ng kakulangan sa pananaliksik na pinapangarap na tugunan ng pag-aaral na ito. Dagdag pa rito, inaasahang ang pananaliksik na ito ay makakatulong sa paaralan sa pamamagitan ng pagbibigay-diin sa mga mahalagang hakbang upang magbigay gabay sa mga respondente sa pagbuo ng epektibong mga programa sa pagsasanay ng mga guro para sa paghahanda sa sakuna.

Layunin Ng Pananaliksik

Sa pananaliksik na ito ay layunin ng mananaliksik na malaman ang pagsukat sa akademikong tagumpay ng mga mag-aaral sa batsilyer ng sekondaryang edukasyon sa Mayoryang Filipino ng KCAST. Sa pag-aaral na ito ay tiyakang makakukuha ng sagot sa mga sumusunod na mga layunin:

1. Alamin ang propayl ng mga mag-aaral batay sa:
    1.1 Edad
    1.2 kasarian; at
    1.3 antas ng taon
2. Alamin ang pagsukat sa akademikong tagumpay ng mga mag-aaral sa Filipino major batay sa:
    2.1 pangkalahatang kasanayan sa akademiko
    2.2 panloob na pagganyak/pagtitiwala
    2.3 konsentrasyon
    2.4 panlabas na motibasyon
    2.5 pakikisalamuha
    2.6 kawalan ng pagkabalisa
    2.7 personal na pagsasaayos
    2.8 panlabas na motibasyon sa kasalukuyang oras
3. Alamin ang pagkakaiba ng mga pagsukat sa akademikong tagumpay ng mga mag-aaral sa Filipino medyor batay sa:
    3.1 Edad
    3.2 kasarian; at
    3.3 antas ng taon

Haypotesis

Ang null haypotesis na kung saan ay sinukat sa 0.05 na antas ng katiyakan ay nagsasaad na walang tiyak na pagkakaiba sa mga pagsukat sa akademikong tagumpay ng mga mag-aaral sa Filipino medyor.

METODO

Disenyo

Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay masusing pagsusuri ang ugnayan sa pagitan ng koperatibong pagkatuto at pagganap sa akademiko ng mga mag-aaral sa larangan ng Filipino. Sa layunin na ito, ang disenyong kwantitatibo ng pananaliksik ay maglalaman ng masusing pagsusuri sa mga karanasan, damdamin, at kaganapan ng mga mag-aaral sa Filipino Medyor. Ito ay naglalayong masusing maunawaan ang impluwensya ng iba't ibang estratehikong pagtuturo sa tagumpay ng mga mag-aaral sa larangan na ito

Para sa pagpapatupad ng pag-aaral, ang disenyong deskriptibo-komparatibo ang gagamitin. Sa ilalim ng disenyo ng ito, iniisa-isa at iniuugnay ang kaibahan ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagitan ng akademikong pag-. Ito ay naglalayong magbigay-linaw sa mga dahilan at epekto ng mga pagbabagong ito sa pagganap ng mga mag-aaral. Sa pangangailangan ng masusing pagsusuri ng epekto ng iba't ibang pagkatuto, itataguyod ang eksperimental na disenyo. Ang eksperimental na disenyo ay magbibigay-daan sa maayos na pagtuklas ng malinaw na kaugnayan sa pagitan ng mga kinakatawan ng metodolohiyang pangtuturo at pagganap sa akademiko (Smith, 2020).

Sa paggamit ng deskriptibo komparatibong dulog, binibigyan pansin ang mga iba't ibang estratehikong pangtuturo na ginagamit sa larangan ng Filipino. Layon nitong malaman kung ano ang impluwensya ng mga estratehiya sa tagumpay ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng paglalarawan ng mga karanasan ng mga guro at mag-aaral, malalaman ang mga pagkakatulad at pagkakaiba ng mga estratehiyang ginagamit at ang epekto nito sa pagganap ng mga mag-aaral sa akademiko.

Lokal na Pananaliksik

Ang pananaliksisk na ito ay ginawa sa Kapalong College of Agriculture Sciences and Technology. Ang paaralang mabanggit ay matatagpuan sa Barangay Maniki, lungsod ng Kapalong, lalawigan ng Davao del Norte. Ang mga naging partisipante sa pag-aaral na ito ay ang mga mag-aaral mula Unang Taon sa Sekondaryang Edukasyon Medyor sa Filipino. Kaya naging madali na lamang sa mananaliksik na maunawaan ang kultura, tradisyon at mga kaugalian ng mga estudyante sa paaralan at naging madali dahil hindi na mahirap ang pag-acess dito dahil isa ang tagapanaliksik ay mag-aaral sa Institusyon na ito.

Populasyon at Sampling ng Pananliksik

Isinagawa ang pag-aaral na ito sa *Kapalong College of Agriculture Sciences and Technology*, kung saan ang mga

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

kalahok ay mga piling mag-aaral mula sa *1st year* at *4th year* sa programang edukasyon, medyor sa Filipino, na may kabuoang populasyon na 327. Ang mananaliksik ay kumuha ng datos tungkol sa bilang ng mga respondente sa bawat seksyon mula sa *registrar* upang maitala ang kabuoang bilang ng mga kalahok. Ginamit ang *stratified random sampling*, isang proseso kung saan hinati ang populasyon sa mas maliit na mga grupo o *strata* batay sa mga salik tulad ng kasarian, o kakayahan sa pag-aaral, at mula rito ay pumili ng *random sample* mula sa bawat *stratum*. Ang pamamaraang ito ay nakakatiyak na sapat ang representasyon ng bawat *subgroup* at naipapakita ang pangkalahatang resulta ng populasyon. Mahalaga rin na maipakilala nang wasto ang populasyon at maunawaan ang mga kritikal na kriteria para sa estratipikasyon upang epektibong magamit ang estratehiyang ito (Etikan & Bala, 2017).

Talahanayan 1.
Prekwensa ng Distribusyon ng mga Partisipante

Antas	Kasarian	Populasyon	Sample	Bahagdan
Unang taon sa BSED FILIPINO	Babae	124	67	20.53%
	Lalake	43	23	7.12%
Pangalawang Taon sa BSED FILIPINO	Babae	55	30	9.10%
	Lalake	11	6	1.82%
Pangatlong taon sa BSED FILIPINO	Babae	47	25	7.78%
	Lalake	13	7	2.15%
Pang-apat na taon sa BSED FILIPINO	Babae	29	16	4.80%
	Lalake	5	3	0.83%
Kabuoan		327	177	54.13%

Ang distribusyon ng mga respondente ayon sa kasarian, populasyon, bilang ng sampol, at porsyento mula sa programang edukasyon medyor sa Filipino mula ika-1 na taon hanggang ika-4 na taon. Sa unang taon, mayroong kabuoang 124 kababaihan at 43 kalalakihan, kung saan 67 kababaihan at 23 kalalakihan ang napiling maging bahagi ng sampol, na may kaukulang porsyento na 20.53% para sa kababaihan at 7.12% para sa kalalakihan. Sa ikalawang taon, 55 kababaihan at 11 kalalakihan ang bumubuo sa populasyon, kung saan 30 na kababaihan at 6 na kalalakihan ang napabilang sa sampol, na kumakatawan sa 9.10% at 1.82%, ayon sa pagkasusunod. Samantala, sa ikatlong taon, mula sa 47 kababaihan, 25 ang napili bilang sampol, samantalang mula sa 13 kalalakihan, 7 ang napabilang, na nagreresulta sa porsyentong 7.78% at 2.15%. Sa ikaapat na taon, 29 kababaihan at 5 kalalakihan ang kabuoang populasyon, kung saan 16 kababaihan at 3 kalalakihan ang napili, na may porsyentong 4.80% at 0.83%. Sa kabuoan, ang populasyon ng mga estudyante ay 327, at mula rito, 177 ang napiling maging sampol, na katumbas ng 54.13% ng kabuoang populasyon. Ang proseso ng pagkalkula ng mga sampol ay isinagawa gamit ang *Slovin's formula* upang matiyak ang sapat at maayos na representasyon ng bawat taon at kasarian sa kabuoang bilang ng mga respondente

Instrumento ng Mananaliksik

May pamamaraang ginamit sa pananaliksik una, ay ang talatanungan na gagamitin para sa pagsasakatuparan sa tungkulin at talatanungan na ginamit para sa baryabol na akademikong tagumpay. Ang mga instrumentong ginamit para sa baryabol ay mga talatanungang nakalap ng mananaliksik at ito ay pag-aralan ng miyembro ng panel para sa *validation.*

Ang talatanungang ginamit sa pananaliksik na ito ay isang orihinal na talatanungan mula sa pag-aaral ni Festa-Dreher (2012) na *Academic Success Inventory for College Students*, ito ay mayroong Five-point likert na binubuo ng 40 items sa walong (8) indikeytor na Pangkalahatang Kasanayan sa Akademiko; Panloob na Pagganyak o Pagtitiwala; Konsentrasyon; Panlabas na Motibasyon Sa Hinaharap; Pakikisalamuha; Personal na Pagsasaayos; Kawalan ng Pagkabalisa; at Panlabas na Motibasyon sa Kasalukuyang Oras. Ang mga respondante ay maaatasang ilagay ang kanilang tugon sa bawat tanong sa mga sumusunod na tugon: (5) Tiyak na totoo, (4) Karaniwang totoo, (3) Medyo totoo, (2) Karaniwang hindi totoo, at (1) Tiyak na hindi totoo.

Ang Likert Scale ang ginamit na pagsukat upang malaman ang kakayahang pananaliksik ng mga mag-aaral. Ito ay nangangailangan ng indibidwal na pagsulat ng tsek sa kahon bilang tugon sa mga bilang ng pag-uugali, bagay at stimulus. Sa pag-interpreta sa estratehiya sa pag-aaral ng talasalitaan ng mga mag-aaral, ang sumusunod na pagsukat ang ginamit.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Saklaw ng Paglalarawan	Kahulugan	Interpretasyon
4.20-5.00	Napakataas	Kung ang pagsukat sa akademikong tagumpay ng mga mag-aaral sa Filipino Major ay laging naipapakita
3.40-4.19	Mataas	Kung ang pagsukat sa akademikong tagumpay ng mga mag-aaral sa Filipino Major ay madalas naipapakita.
2.60-3.39	Katamtaman	Kung ang pagsukat sa akademikong tagumpay ng mga mag-aaral sa Filipino Major ay minsan lang naipapakita.
1.80-2.59	Mababa	Kung ang pagsukat sa akademikong tagumpay ng mga mag-aaral sa Filipino Major ay biihirang naipapakita.
1.00-1.79	Napakababa	Kung ang pagsukat sa akademikong tagumpay ng mga mag-aaral sa Filipino Major ay malimit o hindi naipapakita.

Pagkolekta ng Datos
Sa Paglikom ng Datos at resulta, iniayon ito sa mga sumusunod na pamamaraan upang masigurong maprotektahan ang mga karapatan ng bawat respondente na lumahok sa isasagawang pananaliksik. Nakasaad din ang proseso ng pagkuha ng impormasyon at datos na magbibigay ng kasagutan sa katanungan na nilalayon ng pananaliksik sa sumusunod.

Paggawa ng Liham Pahintulot. Ang mananalilsik ay gumawa ng liham pahintulot para sa Office of the President sa pamamagitan sa Bise Presidente ng Pang-akademikong Gawain sa Kapalong College of Agriculture Sciences and Technology upang maisagawa ang pananaliksik.

Pagsumite ng mga Talatanungan. Ang mga hinangong talatanungan ay isinumite ng mananalilsik sa kanyang tagapagpayo para sa karagdagang pagsusuri. Pagkatapos, isasangguni ito sa tagasuri upang matiyak ang kaangkupan ng bawat aytem sa isasagawang pag-aaral.

Pamamahagi ng koleksyon at Talatanungan. Kapag inaprubahan ng OIC- College of the President sa pamamagitan ni Bise Presidente ng Pangakademikong Gawain aang pahintulot na magsagawa ng pag-aaral, Ang mananalilsik ay ipapamahagi ang talatanungan ng pananaliksik sa pamamagitan ng personal na pagbibigay ng mga talatanungan. Sa tulong ng OIC- College of the President sa pamamagitan ni Bise Presidente ng Pangakademikong Gawain ay tiyak na maayos na maipapamahagi ang pananaliksik sa mga mag-aaral.

Koleksyon at Tabulasyon ng mga Datos. Ang mga malilikom na datos ay susuriin sa pamamagitan ng statistician upang makuha ang tumpak na resulta alinsunod sa mga tunguhin isasagawang pananaliksik.

Estatistikal Tritment ng Datos. Ang sumusunod na kagamitang estatistikal ay ginamit sa pagkalkula ng mga datos sa pag-aaral na ito lalo na sa pagsukat sa layunin ng mananaliksik na may antas ng katiyakan:

Mean. Ginamit sa pagtukoy sa sariling kakayahan sa pananalikik ng bawat mag-aaral sa edukasyon medyor sa Filipino.
Independent variable T-test. Ito ang ginamit upang tukuyin ang makabuluhang pagkakaiba ng kilos sa feedback literacy ng mag- aaral sa medyor Filipino batay sa kasarian.

Analysis of Variance (ANOVA). Ito ang ginamit upang tukuyin ang makabuluhang pagkakaiba ng kilos sa feedback literacy ng mag-aaral sa medyor sa Filipino batay sa antas ng taon.

RESULTA AT DISKUSYON

Talahanayan 2
Propayl ng mga Mag-aaral batay sa Edad

Edad	*Frequency*	*Porsyento*
1(18-19 edad)	*62*	*34.83%*
2 (20-21 edad)	*68*	*38.20%*
3 (22-23 edad)	*23*	*12.92%*
4 (24-25 edad)	*20*	*1 1.24%*
5 (26 edad pataas)	*5*	*2.81%*
Kabuoan	*178*	*100.00%*

Talahanayan 3
Propayl ng mga Mag-aaral batay sa Kasarian

Kasarian	Frequency	Porsyento
Babae	139	77.65%
Lalaki	39	21. 79%
Kabuoan	178	99.44%

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Talahanayan 4
Propayl ng mga Mag-aaral batay sa Antas ng Taon

Antas ng Taon	Frequency	Porsyento
Unang taon sa BSED Filipino	90	50.56%
Pangalawang taon sa BSED Filipino	37	20.79%
Pangatlong taon sa BSED Filipino	32	17.98%
Pang-apat taon sa BSED Filipino	19	10.67%
Kabuoan	178	100.00%

Personal na Impormasyon ng mga Mag-aaral batay sa Edad, Kasarian at Antas ng Taon

Ipinapakita sa talahayanan 2 ang Propayl ng bawat respondante batay sa edad kung saan ang talahanayan ay nagpapakita nasa 20-21na edad ang pinakamaraming bilang ng mga respondante. Gayundin sa talahayan 3 ipinapakita ang Propayl ng mag-aaral batay sa kasarian kung saan ang mga babae ang pinakamaraming bilang ng mga respondante.

Samantala, ipinapakita sa talahanayan 4 ang distribusyon ng mga respondante sa iba't ibang antas ng taon. Ito ay mahalaga sa pag-unawa sa bilang at porsyento ng mga mag-aaral na magiging sample.

Ayon sa talahanayan ang unang taon sa BSED Filipino ang may pinakamaraming respondante na may bilang na 90 o 50.56% porsyento. Sinundan naman ito ng pangalawang taon sa BSED Filipino na may bilang 37 o 20.79% porsyento, Pangatlong taon sa BSED Filipino na may bilang 32 o 17.98% porsyento. Panghuli ay ang ika-apat na taon sa BSED Filipino na may bilang 19 o 10.67% porsyento. Sa kabuoan, ang talahanayan ay nagpapakita na ang nasa unang taon sa BSED Filipino ang may pinakamaraming bilang nga respondante.

Talahanayan 5
Antas ng Akademikong Tagumpay ng mga Mag-Aaral sa Filipino Major Batay sa Pangkalahatang Kasanayan sa Akademiko

Pangkalahatang Kasanayan sa Akademiko	Mean	Paglalarawan
1. pinag-aaralan ko ang tamang materyal kapag naghahanda ako para sa pagsusulit sa klase.	4.44	Napakataas
2. nagtitiyaga ako sa aking pag-aaral upang makakuha ako ng magandang marka.	4.63	Napakataas
3. ginagawa ko ang lahat ng aking makakaya upang magtagumpay ako sa klase.	4.57	Napakataas
4. napapanatili ko ang isang magandang iskedyul ng aking pag-aaral sa klase.	4.41	Napakataas
5. nag-aaral ako ng mabuti para sa klaseng ito.	4.57	Napakataas
Pangkalahatan	**4.52**	**Napakataas**

Talahanayan 6
Antas ng Akademikong Tagumpay ng mga mag-aaral sa Filipino Major batay sa Panloob na Pagganyak/Pagtitiwala

Panloob na Pagganyak/pagtitiwala	Mean	Paglalarawan
1. nakakamit ko ang kasiyahan mula sa pag-aaral ng bagong materyal sa aming klase.	4.22	Mataas
2. naniniwala akong maintindihan ko kahit ang pinakamahirap na materyal sa klaseng ito.	4.09	Mataas
3. alam ko na kung magpupursigi ako, magagawa ko nang maayos ang aking tungkulin sa klaseng ito.	4.52	Napakataas
4. nag-aalala ako ng husto baka ako'y babagsak sa klase.	4.18	Mataas
5. sigurado akong makakakuha ako ng magandang marka sa aming klase.	4.21	Mataas
Pangkalahatan	**4.24**	**Mataas**

Talahanayan 7
Antas ng Akademikong Tagumpay ng mga mag-aaral sa Filipino Major batay sa Konsentrasyon

Konsentrasyon	Mean	Paglalarawan
1. madali sa akin ang magpokus sa klase.	3.97	Mataas
2. nahihirapan akong magpokus sa klase.	3.33	katamtaman

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

3.	madaling mawala ang aking konsentrasyon habang nag-aaral.	3.58	Mataas
4.	mauunawaan ko ang kahalagahan ng pagpapakontrol sa aking pag-iisip upang maging epektibo ang pag-aaral sa klase.	4.22	napakataas
5.	determinado akong labanan ang anumang hadlang upang mapanatili ang aking konsentarsyon sa pag-aaral.	4.39	Napakataas
Pangkalahatan		**3.90**	**Mataas**

Talahanayan 8
Pagsukat sa Akademikong Tagumpay ng mga mag-aaral sa Filipino Major batay sa Panlabas na Motibasyon sa Hinaharap

Panlabas na Motibasyon sa Hinaharap		**Mean**	**Paglalarawan**
1.	kailangan kong husayan sa klase upang makakuha ng magandang trabaho balang araw.	**4.51**	**Napakataas**
2.	ang klase na ito ay lubos na makatutulong sa pagpapaunlad ng aking kakayahan at kaalaman sa aking larangan.	**4.45**	**Napakataas**
3.	ang klaseng ito ay mahalaga sa aking tagumpay sa hinaharap.	**4.49**	**Napakataas**
4.	sa palagay ko, gagamitin ko sa hinaharap ang mga bagay na natutuhan ko sa aming klase.	**4.53**	**Napakataas**
5.	lubos kong pinahalagahan ang mga oportunidad na ibinibigay sa akin ng klase na ito upang mapalawak ang aking kaalaman at kasanayan	**4.51**	**Napakataas**
Pangkalahatan		**4.50**	**Napakataas**

Talahanayan 9
Antas ng Akademikong Tagumpay ng mga mag-aaral sa Filipino Major batay sa Pakikisalamuha

	Pakikisalamuha	**Mean**	**Paglalarawan**
1.	minsan nagpaparty ako kung kailan dapat nag-aaral ako	2.38	Mababa
2.	naapektuhan ang aking marka dahil sa aking masiglang pakikisalamuha sa lipunan.	2.53	Mababa
3.	nahuli ako sa klase dahil sa sobrang tagal ko sa party o nakikipag hang-out kasama ang mga kaibigan ko.	2.13	Mababa
4.	minsan nakasasagabal sa aking pag-aaral ang pag-iinom ko.	2.66	Katamtaman
5.	inaaksaya ko ang aking oras para sa paggala kasama ang aking mga kaibigan sa halip na mag-aaral ng leksyon.	2.19	Mababa
Pangkalahatan		**2.38**	**Mababa**

Talahanayan 10
Antas ng Akademikong Tagumpay ng mga mag-aaral sa Filipino Major batay sa Kawalan ng Pagkabalisa

	Kawalan ng Pagkabalisa	**Mean**	**Paglalarawan**
1.	kahit na nakahanda ako nang mabuti hindi ko pa rin maiwasang makaramdam ng kaba tuwing pagsusulit.	4.05	Mataas
2.	nababalisa ako sa pag-aaral sa aming klase.	3.28	katamtaman
3.	nakaramdam ako ng kaba kapag kami ay may pagsusulit.	3.82	Mataas
4.	sa tuwing nagsasalita ako sa aming klase nakakaramdam ako ng kaba.	4.00	Mataas
5.	makaramdam ako ng takot at kaba kapag tinatawag ako tuwing pasalitang pagsususulit.	3.93	Mataas
Pangkalahatan		**3.82**	**Mataas**

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Talahanayan 11
Antas ng Akademikong Tagumpay ng mga mag-aaral sa Filipino Major batay sa Personal na Pagsasaayos

Personal na Pagsasaayos	Mean	Paglalarawan
1. ang mga personal na problema ay nakahahadlang sa akin na maging maayos sa klase.	3.62	Mataas
2. mas maganda sana ang ginagawa ko sa klase kung hindi ko kailangang makitungo sa iba pang problema sa aking buhay.	3.54	Mataas
3. nagkaroon ako ng ilang personal na paghihirap na nakakaapekto sa aking pagganap sa klase.	3.57	Mataas
4. naaapektuhan ang aking pag-aaral tuwing may problema ako	3.57	Mataas
5. kalmado ako sa klase kahit nahihirapan na ako.	3.77	Mataas
Pangkalahatan	**3.64**	**Mataas**

Talahanayan 12
Antas ng Akademikong Tagumpay ng mga mag-aaral sa Filipino Major batay sa Panlabas na Motibasyon sa Kasalukuyang Oras

Panlabas na Motibasyon sa Kasalukuyang Oras	Mean	Paglalarawan
1. mahalagang makakuha ng magandang marka sa klase para sa panlabas na kadahilanan (aking mga magulang, isang scholarship, at mga regulasyon sa unibersidad.	4.59	Napakataas
2. nagsikap ako sa klase dahil gusto kong isipin sa iba na matalino ako.	3.90	Mataas
3. kailangan ko ng mataas na marka sa klase upang mapapanatili ang aking GPA.	4.27	Napakataas
4. mag-aaral ako ng maigi upang makuha ko ang mataas na marka.	4.54	Napakataas
5. kailangan kong pagsikapan ang aking pag-aaral upang ipagmalaki ako ng aking mga magulang.	4.51	Napakataas
Pangkalahatan	**4.36**	**Napakataas**

Kabuoang Antas ng mga Pagsukat sa Akademikong Tagumpay ng mga Mag-Aaral sa Filipino Major

Ipinapakita sa talahanayan 12 ang pagsukat ng akademikong tagumpay ng mga mag-aaral sa Filipino major na may pangkalahatang mean iskor na 3.92 na may deskriptibong katumbas na paglalarawang “mataas”. Ito ay nangangahulugang na ang mag-aaral sa batsilyer sa secondarya sa mayoryang Filipino mula sa unang taon hanggang sa ika-apat na taon ay madalas naipakita ang pangkalahatang kasanayan sa akademiko, panloob na pagganyak/pagtitiwala, konsentrasyon, panlabas na motibasyon sa hinaharap, pakikipagsalamuha, kawalan ng pagkabalisa, personal na pagsasaayos, at panlabas na motibasyon sa kasalukuyang oras sa pag-aaral ng kasanayan sa akademiko. Nagmumungkahi ito ng matibay na pundasyon para makabuluhan at matagumpay ang akademikong pagsukat. Ipinapahiwatig ito na nagtataglay sila ng mataas ng akademikong tagumpay ng mga mag-aaral sa akademikong pag-aaral sa pamamaraan ng kasanayan sa akademiko, pagtitiwala, motibasyon sa hinaharap, konsentrasyon, pakikipagsalamuha, pagkabalisa, pagsasaayos at motibasyon sa kasalukuyan.

Talahanayan 13
Kabuoang Antas ng mga Pagsukat sa Akademikong Tagumpay ng mga Mag-Aaral sa Filipino Major

Indikeytor Sa Pagsukat Sa Akademikong Tagumpay	Mean	Porsyento
Pangkalahatang Kasanayan Sa Akademiko	4.52	Napakataas
Panloob Na Pagganyak/Pagtitiwala	4.24	Mataas
Konsentrasyon	3.30	Mataas
Panlabas Na Motibasyon Sa Hinaharap	4.50	Napakataas
Pakikipagsalamuha	2.38	mababa
Kawalan Ng Pagkabalisa	3.82	Mataas
Personal Na Pagsasaayos	3.62	Mataas
Panlabas Na Motibasyon Sa Kasalukuyang Oras	4.36	Napakataas
Kabuoan	**3.92**	**Mataas**

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Talahanayan 14
Makabuluhang pagkakaiba ng mga Pagsukat sa Akademikong Tagumpay ng mga Mag-aaral sa Filipino kapag sinuri batay sa Edad

Variable		Pagsukat sa akademikong tagumpay				
		Mean	SD	t-value* F- value#	P-Value	Decision $\alpha = 0.05$
Edad (Coding)	Code 1 (18-19 edad)	3.97	0.28	2.896	.024	H_0 Rejected
	Code 2 (20-21 edad)	3.90	0.28			
	Code 3 (22-23 edad)	3.99	0.28			
	Code 4 (24-25 edad)	3.75	0.20			
	Code 5 (26 pataas na edad)	3.94	0.25			

Talahanayan 15
Makabuluhang pagkakaiba ng Pagsukat sa Akademikong Tagumpay ng mga Mag-aaral sa fIlipino kapag sinuri batay sa Kasarian

Variable		Pagsukat sa akademikong pag-aaral				
		Mean	SD	t-value* F-value#	P-Value	Decision $\alpha = 0.05$
Kasarian	Babae	**3.91**	**0.28**	**-0.48**	**.632**	H_0 Accepted
	Lalaki	**3.94**	**0.27**			

Talahanayan 16
Makabuluhang pagkakaiba ng mga Pagsukat sa Akademikong Tagumpay ng mga Mag-aaral sa filipino kapag sinuri batay sa Antas ng Taon

Variable		Pagsukat sa akademikong pag-aaral				
		Mean	SD	t-value* F-value#	P-Value	Decision $\alpha = 0.05$
Antas ng Taon	**1st year**	**3.96**	**0.28**	**7.779**	$< .001$	H_0 Rejected
	2nd year	**3.84**	**0.26**			
	3rd year	**4.02**	**0.27**			
	4th year	**3.70**	**0.15**			

Makabuluhang pagkakaiba ng mga pagsukat sa akademikong tagumpay ng mga mag-aaral sa Filipino kapag sinuri batay sa Edad

Ang pag-aaral ay nagpapakita na walang pagkakaiba sa kanilang paniniwala sa pagsukat sa akademikong tagumpay ng mga mag-aaral sa Filipino batay sa edad. Nangangahulugang ang null hypothesis ay tinanggap. Sa pag-aaral nina Luborsky et al., (2022), na ang edad ay isang numero lamang pagdating sa pag-aaral, tiningnan ng isang kamakailang pag-aaral kung paano nagbabago ang gantimpala laban sa parusa ayon sa edad pagdating sa pag-aaral. Ang mga nasa hustong gulang ay natututo mula sa parehong gantimpala at parusa, habang ang mga kabataan ay natuto mula sa gantimpala laban sa parusa ngunit mas lamang na matuto mula sa parusa. Sa buong buhay natin, nagbabago ang paraan ng ating pag-aaral at paglikom ng impormasyon dahil nagbabago ang ating paniniwala. Ang paraan ng pag-aaral mo sa edad na 10 ay ibang-iba sa kung paano ka natututo sa edad na 35. Kaya naman masasabing walang pagkakaiba sa edad ang pagkatuto ng bawat mag-aaral sapagkat lahat tayo ay may kakayahan na matuto at magpaunlad ng kaalaman.

Makabuluhang pagkakaiba ng mga pagsukat sa akademikong tagumpay ng mga mag-aaral sa Filipino kapag sinuri batay sa Kasarian

Ang pagkakaiba ng mga pagsukat sa akademikong tagumpay ng mga mag-aaral Sa Filipino batay sa kasarian ay hindi tinatanggap ng null hypothesis. Ibig sabihin ang kasarian ng mga respondante ay nakakaimpluwensya sa kanilang paniniwala sa kakayahan sa pagsukat sa akademikong tagumpay ng mga mag-aaral sa Filipino.

Sinuportahan sa pag-aaral nina King et al., (2023), na may pagkakaiba sa akademikong tagumpay sa pagitan ng mga mag-aaral na lalaki at babae sa Pilipinas. Ipinakita ng mga pag-aaral na ang mga lalaki ay may posibilidad na magkaroon ng mas mababang antas ng akademikong pagganyak, pakikipag-ugnayan, at tagumpay kumpara sa mga babae. Ang pagkakaiba ng kasarian na ito sa akademikong tagumpay ay nauugnay sa

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

mga pananaw ng mga lalaki sa mga negatibong saloobin ng mga kasamahan sa paaralan.

Makabuluhang pagkakaiba ng mga pagsukat sa akademikong tagumpay ng mga mag-aaral sa Filipino kapag sinuri batay sa Taon

Ang makabuluhang pagkakaiba ng mga pagsukat sa akademikong tagumpay ng mga mag-aaral sa Filipino kapag sinuri batay sa taon ay nagpapakita na walang pagkakaiba sa kanilang paniniwala sa pagsukat sa akademikong tagumpay ng mga mag-aaral sa Filipino batay sa lebel ng taon. Nangangahulugang ang null hypothesis ay tinanggap. Ayon sa pag-aaral nina Alyahyan et al., (2020), na ang tagumpay ng mag-aaral ay gumaganap ng isang mahalagang papel sa mga institusyong pang-edukasyon, dahil madalas itong ginagamit bilang isang sukatan para sa pagganap ng institusyon. Ang maagang pagtuklas ng mga mag-aaral na nasa panganib, kasama ang mga hakbang sa pag-iwas, ay maaaring lubos na mapabuti ang kanilang tagumpay. Kaya naman habang nasa unang antas palang ng taon ang mga mag-aaral ay dapat na itong tasain ng mga guro at ihanda para sa kaunlaran ng mag-aaral hanggang sa may sapat na kakayahan at kaalaman na ito pag umabot na sa ika-apat na antas.

KONKLUSYON

Batay sa resulta ng pag-aaral ang mga respondente mula sa mga mag-aaral sa medyor na Filipino na mula sa una at ikaapat na taon ng KCAST ay pinaboran na ang paniniwala sa akademikong tagumpay ng mga mag-aaral sa Filipino major ayon sa: pangkalahatang kasanayan sa akademiko, panloob na pagganyak/pagtitiwala, konsentrasyon, panlabas na motibasyon sa hinaharap, pakikipagsalamuha, kawalan ng pagkabalisa, ay madalas na naipapakita ang kumpiyansa at ginagamit ng mga mag-aaral.

Gayunpaman, ayon sa nakuhang datos ng pag-aaral makikitang sinang-ayunan naman ng mga respondante na ang pangkalahatang kasanayan sa akademiko ng mga mag-aaral ay palagi ring naipapakita at ginagamit ng mga mag-aaral. Nakikita sa nakuhang resulta na ang mga mag-aaral ay may pantay-pantay na kakayahan sa kasanayan sa pang akademiko.

Ipinapakita ng pangkalahatang resulta na walang pagkakaiba ang akademikong tagumpay ng mga mag-aaral sa Filipino batay sa kanilang edad at lebel ng taon. Ang resulta o kabuoang mean sa akademikong tagumpay ng mga mag-aaral sa Filipino batay sa kanilang edad at lebel ng taon ay parehong “lubhang mataas” kung ilalarawan. Ipinapahiwatig nito na ang baryabol na akademikong tagumpay ng mga mag-aaral sa Filipino ay parehong hindi nakaaapekto sa mga mag-aaral. Ito ay nagpapatunay na walang pagkakaiba sa edad at lebel ng taon.

Rekomendasyon

Dahil ang resulta sa pag-aaral na ito ay nagpapakita ng mataas na antas ng akademikong tagumapy ng mga mag-aaral sa lahat ng Filipino medyor sa loob ng KCAST, partikular nasa pakikisalamuha ang nakakuha ng pinakamamababang mean. Iminumungkahi ng mananaliksik na ang mga mag-aaral sa Filipino medyor ay mas binibigyan tuon ang pag-aaral kaysa pakikipagsalamuha sa labas o sa mga kaibigan. Sa bawat mag-aaral pinapahalagahan ang akademiko upang maging matagumpay ito ninanais ng mananaliksik na mas bigyang tuon ng mga guro ang mga mag-aaral upang mas pahalagahan pa ang pag-aaral at maging aktibo ito sa anumang aktibidad sa paaralan.

Dagdag pa rito, mahalaga ring magkaroon ng *regular* na ebalwasyon at pag-rebisa ng mga guro sa mga mag-aaral upang malaman ang problema upang mapagtuunan, magkakaisa, pahalagahan ang pag-aaral at makikipagsalamuha sa pamamgitan ng paggawa ng mga aktibidad sa kabila ng makikisalamuha sa kaibigan at bigyan tuon na ang pagdisiplina sa pag-aaral upang makuha nila ang akademikong tagumpay at mapahalagahan ang pagiging diverse at inclusivity.

Gayundin, iminumungkahi ng mananaliksik na pagtuunan ng mag-aaral ang kanilang pag-aaral, pahalagahan ang kinabukasan, magkakaisa at maging aktibo sa klase upang makamit ang akademikong tagumpay ng mga mag-aaral sa Filipino medyor at iwasan ang pakikipagsalamuha sa iba na walang koneksyon sa pag-aaral

Samantala, iminungkahi ng mananaliksik ang pagpapalaganap ng kamalayan tungkol sa walang mas mahusay o magaling pagdating sa paniniwala sa sarili batay sa kasarian, edad at lokasyon sa tirahan. Dagdag pa rito, sa pamamagitan ng pagbibigay-diin ng kahalagahan sa pag-aaral maaaring mapabuti ang marka at pagtugon ng mga mag-aaral na abutin ang tagumpay sa akademya.

Higit pa, iminumungkahi rin ng mananaliksik na magkaroon pa ng ganitong pag-aaral hinggil sa paniniwala sa sarili, kung saan ang mga partisipante ay mula sa mga mag-aaral ng KCAST, upang masuri kung magkakaiba ang paniniwala ng mga guro at mga mag-aaral sa institusyon na ito. Ang pag-aaral na ito ay maaaring magbigay ng mas malalim na pag-unawa sa mga pagkakaiba at pagkakapareho sa mga saloobin at paghahanda ng mga indibidwal at kung paano ito maaaring makaapekto sa kanilang pagtugon sa akademikong tagumpay.

Sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga rekomendasyong ito, masisiguro ang mas mataas na antas ng pagiging handa ng mga mag-aaral sa BSED Filipino. Ito ay magbibigay daan upang magkaroon ng mas malalim na pag-unawa at kasanayan ang mga mag-aaral sa tamang pagtugon sa mga sitwasyong, mas mapabuti pa ang mga marka at paniniwala sa sarili, na naglalayong maging mas epektibo sa pagharap sa mga hamon na abutin ang tagumpay sa buhay.

Iminungkahi rin ng mananaliksik na ang mga mag-aaral sa filipino medyor ay maaring pagtuunan pa ng pansin ang pagkakaisa o pakikisalamuha ng bawat mag-aaral at bigyang pansin at pahalagahan ang pagiging pagkakaiba-iba at pagkakaisa ng paaralan. Sa paraan ng pagpapatupad ng mga rekomendasyong ito, mas malawak na mabibigyan pansin at patuloy na pagpapaunlad ang akademikomg tagumpay ng mga mag-aaral. Ito ay makatutulong sa kanilang tagumpay sa loob at labas ng paaralan, pati na rin sa kanilang personal na pag-unlad at paghahanda para sa personal na buhay.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

TALASANGGUNIAN

1. *Alberto, M. (2018). Adjustment to college and academic performance: Insights from Filipino college.freshmen in an allied health science course. file:///D:/Downloads/Adjustment%20to%20college%20and%20academic%20performance%20Insights%20from%20Filipino%20college%20freshmen%20%20an%20allied%20health%20science%20course%20(1).pdf*
2. *Alyahyan, E. & Düştegör, D. (2020). Predicting academic success in higher education literature review and best practices. Int J Educ Technol High Educ 17, 3. https://doi.org/10.1186/s41239-020-0177-7*
3. *Cachia, M., Lynam, S., & Stock, R. (2018). Academic success: Is it just about the grades? Higher Education Pedagogies, 3(1), 434–439. https://doi.org/10.1080/23752696.2018.1462096*
4. *Etikan, I., & Bala, K. (2017). Sampling and sampling methods. Biometrics & Biostatistics InternationalJournal, 5(6), 00149.*
5. *Festa-Dreher, D., V. (2012). Academic Success Inventory for College Students: An Item Response Theory Analysis.https://diginole.lib.fsu.edu/islandora/object/fsu:182849*
6. *Guterman(2020)Academic_success_from_an_ individual_perspective_A_proposal_for_redefinition International Review of Education 67(3) DOI:10.1007/s11159-020-09874-7 https://www.researchgate.net/publication/347040905_*
7. *Khalil et al., (2019). Measuring Student Success Skills: A Review of the Literature On Creative Thinking/ National Center for the Improvement of Educational Assessment. P.O. Box 351, Dover, NH 03821. Tel: 603-516-7900; Fax: 603-516-7910; e-mail: recep@nciea.org; Web site:http://www.nciea.org*
8. *King, C., Schelfhout, S., Dirix, N., Fonteyne, L., Szmalec, A., & Duyck, W. (2023). Interactions of gender with predictors of academic achievement. Contemporary Educational Psychology, 74, 102186. https://doi.org/10.1016/j.cedpsych.2023.102186*
9. *Luborsky et al., (2022). Does age change how we learn? .https://www.pocketprep.com/posts/does-age-change-how-we-.learn/#:~:text=To%20better%20understand%20learning%20at,how%20you%.20learn%20at%2035*
10. *Lucie Vachova & Sebastian Novotny (2020) New Measure of Academic Achievement: Testing sa Reliability and Factor Structure of the Academic Achievement Conference: 13th annual International Conference of Education, Research and Innovation DOI:10.21125/iceri.2020.1007 https://www.researchgate.net/publication/347249956*
11. *Kumar, S. (2023). Extrinsic Motivation and Students' Academic Achievement: A Correlational.Study. Journal of Development and Social Sciences. 4. 10.47205/jdss.2023(4-II)34*
12. *Smith, A. (2020). "Factors Influencing Academic Performance in Diverse.StudentPopulations." Journal of Academic Achievement, 42(5), 567-582.*
13. *Yeshaneh S. (2022). Defining and.Measuring Academic Success. Practical Assessment, Research &.Evaluation,20(5). Availableonline:http://pareonline.net/getvn.asp?v=20&n=5*